
# ILIGTAS ANG SITIO MATATAG

## Buod ng Laro

Ang mga Player ay magtatayo ng mga Bahay at susubukan nilang protektahan mula sa mga Disaster. **Ang player na may pinakakaunting Damage sa kanyang mga Bahay ang panalo**. Puwedeng mabawasan ang damage! Ilagay lang ang Bahay sa space na mababa ang Risk. Puwede din gumamit ng Safety Cards para makapaglagay ng Safety Tokens sa mga Lugar. Kapag may Safety Token sa isang Lugar, mas kaunti ang Damage na makukuha kapag tumama ang Disaster.

## Nilalaman ng Laro


Vulnerability Map (1 pc)



Safety Cards (56 pcs)



Risk Tokens (22 pcs)





Dice (2 pcs)



House Tokens (25 pcs)



Damage Tokens (60 pcs) →  ← Safety Tokens (20 pcs)



## Credits


The Australian Aid logo, the Plan International logo, and the BUILD UP Project logo are trademarks of their respective organizations. "ILIGTAS! ang Sitio Matatag" logo, all images, the distinctive design, text, layout, and elements appearing in all components of this game are copyrights of Balangay Entertainment, Inc. No portion of this game may be reproduced in any way or form without express consent from Balangay Entertainment, Inc. and Plan International, Inc.

© 2019. Balangay Entertainment, Inc. and Plan International, Inc..




Project Management: Marx Rulloda, Nico Valdez
Game Design: Bayosa Aya Cariño-Valdez
Game Development: Marx Rulloda
Art and Graphic Design: Aaron Galzote, Marx Rulloda, Nicanor Valdez
Producers: Balangay Entertainment , Inc. and Plan International, Inc.
Special thanks to Aura Dagcutan and all the playtesters



Building Resilience Among Vulnerable Communities

## Paghanda sa Laro

1. Ilalatag ng isang player ang **Vulnerability Map**. Ilagay ang Risk Tokens na may number 6 at 8 sa maliliit na **Lugar** sa gilid ng mapa.



2. Ilagay ang lahat ng natirang **Risk Tokens** sa ibang **Lugar** sa mapa, pero siguraduhin na walang magkakatabing token na pareho ang number.




3. Bawat player ay pumili ng kulay ng Bahay (Red, Green, Blue, Yellow, and Gray). Kunin ang **5 Bahay** ng kulay na ito. (Kung 5-player game, 4 na Bahay lang ang kunin ng bawat player.)

4. Ang pinakabatang player ang **First Player** (puwede rin piliin ang First Player sa ibang paraan). Pakaliwa ang ikot para sa susunod na titira.

5. Simula sa First Player, maglagay ng 1 Bahay sa kahit anong pwesto sa Map.

*BABALA:*
*Alamin ang Risk Levels ng tatlong Lugar na papalibot sa Bahay mo. Mas mataas na Risk Level, mas malaking chance na magkaka-Damage ang Bahay mo pag nagka-Disaster!*

*Makikita ang halimbawa ng mga pwestong pwedeng paglagyan sa picture sa kanan.*



*Halimbawa kung saan pwede maglagay ng Bahay*

6. Kapag lahat ng players ay may 1 Bahay na sa mapa, babalasahin ng first player ang Safety Cards para makagawa ng **Deck**.

7. Maglatag ng 6 Safety Cards face-up. Ito ang mga cards sa **Community Planning**.



*Ang Deck* *Community Planning*

8. Ilagay ang **Safety Tokens** at **Damage Counters** sa gilid ng Map kung saan madaling maabot ng mga players mamaya kapag nagsimula na ang laro.

9. Bumunot ang bawat player ng **3 Safety Cards** galing sa Deck.

10. Pwede na magsimula ang laro! Tignan ang likurang pahina para makita ang dapat na itsura ng laro pagkatapos itong ihanda.

## Itsura ng Laro




## Daloy ng Laro

Isa-isang titira ang mga player. May tatlong Steps siyang dapat gawin sa bawat tira ng mga player: **Build, Prepare,** at **Disaster**. Gagawin ng player ang **LAHAT** ng steps bago tumira ang susunod na player.

### Step 1: Build

Kapag tira mo na, maglagay ng 1 Bahay sa pwesto na wala pang bahay.
I-check ang Risk Levels sa mga Lugar na nakapalibot sa iyong bahay.



### Step 2: Prepare

1. Kumuha ng 2 Safety Cards. Puwedeng kumuha mula sa Community Planning o sa Deck.

*Palitan ang mga card na kinuha sa Community Planning ng mga card mula sa Deck.*




*Pwedeng kumuha ng 2 cards galing sa deck, o di kaya ay 2 cards galing sa Community Planning, o kaya naman ay 1 galing sa deck at 1 pa galing sa Community Planning!*

2. Pwede kang maglagay ng isang Safety Token sa isang Lugar. Para gawin ito, magbaba ng tatlong Safety Card na may Vulnerability (pinapakita ng icon) na pareho sa Disaster ng Lugar na gustong mong lagyan. **Basahin at ipakita ang mga Safety Cards sa ibang players**. Tapos ilagay ang mga ito sa Discard Pile.



*Tignan ang mga Disaster Icons. Magbaba ng 3 card na pare-pareho ang Disaster Icon!*




*Ilagay ang Safety Token sa Lugar na may angkop na Disaster/Sakuna!*

### Step 3: Disaster

1. Mag-roll ng 2 dice para malaman kung ano ang mga Lugar na natamaan ng Disaster. Hanapin ang mga Lugar na may Risk Token na pareho sa resulta ng dice roll. Lahat ng Bahay na katabi ng Lugar na iyon ay magkakaroon ng Damage.


*Tandaan: Kapag 7 ang total ng dice roll, walang Disaster na mangyayari. Tapos na ang tira mo at titira na ang sunod na player.*





2. Mag-roll ng 1 die para malaman ang dami ng Damage na makukuha ng mga apektadong Bahay (gamitin ang Damage Table sa halimbawa). Bawasan ng isang Damage para sa bawat Safety Token na nakalagay sa Lugar na yun. Ilagay ang Damage Tokens sa ilalim ng mga Bahay na na-damage.

*Halimbawa: Nung nag-roll ng 2 dice, 10 ang total na lumabas. Maapektuhan ng Disaster ang Red at Green na Bahay. Pag-roll ng 1 die para sa damage, 4 ang lumabas na katumbas ng 2 Damage Counters (tignan sa Damage Table). Pero dahil may isang Safety Token sa Lugar na may 10, mababawasan ng 1 Damage, kaya tig-1 Damage ang makukuha ng Red and Green na Bahay. Walang damage si Yellow at Blue dahil hindi nila katabi ang Lugar na may 10.*

*Ang mga bahay na ito ay mada-damage dahil katabi nila ang lugar na may Risk Token na "10"*



*Ang mga bahay na ito ay hindi maapektuhan ng Disaster*




*"4" ang lumabas sa damage roll, kaya 2 damage dapat ang ilalagay sa mga Bahay. Pero dahil may Safety Token, mababawasan ang Damage.*



*Ang mga Damage Tokens ay ilalagay sa ilalim ng mga na-damage na Bahay.*

3. Pagkatapos ng Disaster Phase, ang player sa kaliwa mo ang susunod na titira. Maglaro hanggang nailagay na ang lahat ng Bahay ng mga players. Pagkatapos ilagay ang huling Bahay, may **Final Round** kung saan **Prepare** and **Disaster** Phases lang ang gagawin ng mga player sa kanilang tira.

## Tapos ng Laro

Kapag nagawa na ang Final Round, bilangin ang Damage sa mga bahay niyo. **Ang Player na may pinakamababang damage ang panalo!**